# SHEET NG KATOTOHANAN:

## ISTASYON NG DOWNTOWN SAN JOSE BART

Valley Transportation Authority

*Solutions that move you*







*Konseptong larawan – Pwedeng magbago*

Ilalagay sa Santa Clara Street ang Downtown San José Station na may pangunahing pasukan ng istasyon sa pagitan ng Market at 1st Streets at pangalawahing pasukan sa pagitan ng 1st at 2nd Streets. Magkakaroon ng pang-emerhensyang labasan at pasilidad ng bentilasyon sa hilagang kanlurang kanto ng 3rd Street. Ilalagay kapantay ng kalye ang pagbili ng tiket at mga fare gates sa dalawang pasukang ito habang ang concourse at mga stacked platform ng istasyon ay nasa underground. Magkakaroon ng paradahan ng bisikleta at kumbinyenteng mga koneksyon sa light rail ng VTA at serbisyong bus sa Santa Clara, 1st, at 2nd Streets. Pinaplanong isama ang lugar ng istasyon sa nakaplanong pagpapaunlad ng site, tutulong sa pag-transition ng Downtown na maging komunidad na nakatuon sa transit.

Sa nakalipas na mga taon, nakita sa Downtown ng San José ang muling pagkakaroon ng sigla na may karagdagang innovative tech na mga kumpanya, lokal na tindahan at mga restawran, at maraming residensyal na gusali. Lahat ng ito at marami pang iba ay madaling puntahan at nasa distansyang kayang lakarin mula sa gagawing Downtown San José Station sa hinaharap.

## Downtown San José Station: Sa isang Tingin

**27,900**
Mga pasahero kapag weekday sa 2040

Mahigit **250+** Pang iba't ibang kulturang restawran na nasa distansyang kayang lakarin

Nasa distansyang kayang lakarin mula sa **San José State University**

Business District ng Sentro ng Silicon Valley

Napapalibutan ng maraming lugar para sa sining at event

Ang BART Silicon Valley Phase II Extension ng VTA (Phase II Project) ay isang anim na milya, apat na istasyong ekstensyong ng BART mula Berryessa/North San José Station (bukas na noong 2020) hanggang downtown San José patungo sa Lunsod ng Santa Clara. Isinaplano ang Phase II Project na may kasamang tinatayang limang milyang subway, tatlong istasyon na may mga underground platform (28th Street/Little Portugal, Downtown San José, at Diridon), isang ground-level na istasyon (Santa Clara), isang maintenance ng tren at pasilidad para sa imbakan, at karagdagang mga pasilidad.

*Pagpapatuloy sa susunod na pahina.*

*Mga kapartner sa pagpopondo ng proyekto*

2000 Measure A · CalSTA · 2016 Measure B VTA

*Ang BART Silicon Valley Phase II Extension ng VTA*




Valley Transportation Authority

*Solutions that move you*

| | | |
|---|---|---|
| (408) 321-2345 | English | |
| (408) 321-2300 | Español<br>Tagalog<br>Português | 粵/華語<br>Tiếng Việt<br>한국어 |
| (408) 321-2330 | TTY | |

*vta.org/bart*

*vtabart@vtabsv.com*

*facebook.com/bartsv*

*twitter.com/bartsv*